
GRADE VI

# PAUNLARIN ANG EDUKASYON, KALUSUGAN AT TEKNOLOHIYA

## ALAMIN MO

Suriin ang larawan.




*Paano kaya nakatutulong sa ngayon ang ating pamahalaan sa mga suliranin na dapat pagtuunan ng pansin? Naranasan mo ba ang mga ito? Paano ito nalutas?*

Walang pinapangarap ang isang pamahalaan kundi matugunan ang iba pang pangunahing pangangailangan ng kanyang mga mamamayan. Sa modyul na ito malalaman mo kung paano isinasaayos at pinauunlad ng pamahalaan ang edukasyon, agham at teknolohiya.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sinong pangulo ang nagpatupad ng sumusunod na proyekto? Piliin ang inyong sagot sa talaan. Isulat ito sa patlang.

| | |
|---|---|
| Manuel Roxas | Carlos Garcia |
| Elpidio Quirino | Ferdinand Marcos |
| Ramon Magsaysay | Fidel Ramos |
| Joseph Estrada | Corazon Aquino |

_________ 1. Itinatag niya ang mga rural bank na nagpapautang sa magsasaka

_________ 2. Ipinagawa niya ang mga posong artisyano

_________ 3. Ipinatupad niya ang patakarang "Pilipino Muna."

_________ 4. Itinatag niya ang Agricultural Land Reform Code.

_________ 5. Itinalaga niya sa Phil. Overseas Employment Administration ang paghahanap ng trabaho sa ibang bansa upang sagutin ang kalagayan ng mga manggagawa.

_________ 6. Binigyang diin niya ang bagong balangkas ng programang pang-ekonomiya.

## PAG-ARALAN MO

Nais ng pamahalaan na makalinang ng mga kapaki-pakinabang at maunlad na mamamayan ng bansa. Ang mga proyektong ito ay nakatuon sa paghahanda sa mga Pilipino na maging "globally competitive". Binibigyan ang mamamayan ng mga kinakailangang kasanayan at kaalaman para maging handa ang mga ito na makipagtagisan ng galing at talento sa mamamayan ng ibang bansa.

Narito ang proyekto ng pamahalaan:

**A. Edukasyon**




1. Pagkakaroon ng libreng edukasyon sa antas ng elementarya at hayskul.
2. Pagbabalik ng asignaturang Good Manners & Right Conduct.
3. Pagdaragdag ng bilang ng araw sa pagpasok sa paaralan mula sa 185 hanggang 202.
4. Pagbibigay diin sa mga kursong bokasyunal.
5. Pagbibigay ng pagsasanay o seminar sa mga administrador at mga guro.
6. Pagsasaayos ng kurikulum para makatugon sa nagbabagong panahon.
7. Itinakda ang Republic Act 8525 ukol sa Adopt-a-School Program at Brigada Eskwela noong Mayo, 2003.

**B. Kalusugan**





1. Pagkakaroon ng kampanyang pang-edukasyon tulad ng HATAW na nanghihikayat sa mamamayan na mag-ehersisyo, Yosi Kadiri laban sa paninigarilyo at mga proyekto sa Aids Awareness.

2. Pagkakaloob ng libreng bakuna, pagpapatayo ng PATAK CENTERS at pagsasagawa ng Oplan Alis Disease.
3. Pagkakaloob ng Sentrong Pangkalusugan ng mga seminar para sa pagpaplano ng pamilya.
4. May ilang pampublikong ospital ang isinasa-pribado tulad ng Tala Leprosarium, Quezon Institute, Phil. Heart Center, Children's Medical Center atbp.
5. Programa ng malawakang pagbibigay ng ineksyon laban sa Hepatitis B at Polio.



*Bakit kaya isinasapribado ang mga serbisyong pangkalusugan?Ano sa palagay mo ang magiging epekto nito sa mga mamamayan?*

**C. Agham at Teknolohiya**



1. Pagbibigay ng kompyuter sa mga pampublikong paaralan.
2. Pagbibigay-diin sa pagpapaunlad ng agham at teknolohiya.
3. Nailunsad ang programang Science and Technology Agenda for National Development upang matugunan natin ang ating mga domestikong pangangailangan. Dito nagkaroon ng modernisasyon sa mga sektor ng ating produksyon, pagsasaayos ng mga pagsasaliksik at kaunlaran sa pag-eexport, pagpapaayos ng ating mga imprastraktura at lakas tao.

4. Tuluyang pinadaloy ang dagadag kaalaman sa teknolohiya para sa kaunalaran sa pagtatayo ng APEC Center for Technology Exchange and Training for Small and Medium Enterprises sa Los Baños, Laguna.
5. Pagbibigay ng iskolarsyip sa mga imbentor at siyentipiko.
6. Pagdaragdag ng kaalaman at pagsasanay sa Science and Technology – Based Education. Dito naisagawa ang Engineering and Science Education Program upang mapaunlad ang agham at edukasyon batay sa teknolohiya.

## PAGSANAYAN MO

Tukuyin at isulat ang sagot sa patlang.

1. Ang bilang ng araw sa pagpasok. ____________

2. Ang ibinibigay sa mga guro at administrador upang maisaayos ang kalidad ng pagtuturo. _____________

3. Programang inilunsad upang mapaunlad ang agham at edukasyon na batay sa teknolohiya. ______________

4. Ang programang nanghihikayat sa mga mamamayan na mag-ehersisyo. ________________

5. Ang ineksyong ibinibigay sa mga bata upang mapanatili ang kalusugan nila. ________________

## TANDAAN MO

- *Malaki ang naisagawa ng ating pamahalaan upang maisaayos at mapaunlad ang ating edukasyon, agham at teknolohiya upang mapanatili ang kalusugan ng mga mamamayang Pilipino.*

## ISAPUSO MO

Sadyang namumuhunan ang pamahalaan sa pagkakaloob ng mga serbisyong panlipunan sa mamamayan dahil ang epekto nito ay sa hinaharap pa makikita. Ang pagtitiyak ng edukasyon, kalusugan, agham at teknolohiya at iba pa ay inaasahang makapag-aangat sa kalagayan ng mga tao.




## GAWIN MO

Lagyan ng tsek (✓) ang patlang ng iyong matapat na paglalarawan sa ating pamahalaan hinggil sa mga inilunsad nitong mga proyekto sa edukasyon, kalusugan, agham at teknolohiya.

Mga Proyekto ng ating Pamahalaan

| | | | |
|---|---|---|---|
| _____________ | maayos | _____________ | magulo |
| _____________ | pinabayaan | _____________ | nakatulong |
| _____________ | sistematiko | _____________ | walang pagkakaugnay |
| _____________ | magastos | _____________ | matipid sa pondo |
| _____________ | may kabatiran | _____________ | hindi alam ng mamamayan |
| _____________ | ang mamamayan | | |



## PAGTATAYA

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang isang reporma sa edukasyon sa elementarya?
    A. Pagtuturo ng mga bagong asignatura
    B. Pagdaragdag ng bilang ng araw ng pag-aaral sa isang taon
    C. Paglalaan ng mataas na suweldo sa magagaling na guro
    D. Pagbibigay ng pagkakataon sa magagaling na bata na magturo

2. Sino ang mga pinag-aaral nang libre?
    A. Mahihirap ngunit matatalino
    B. Mga madaling matuto ng aralin
    C. Mga naninirahan sa liblib na lugar
    D. Mga batang mag-aaral sa elementarya



3. Bakit naglunsad ang pamahalaan ng iba't ibang programang pang-agham at teknolohiya?
    A. Upang magkaroon tayo ng makabagong kaalaman at mabisang paraan sa paggawa.
    B. Upang maunawaan natin ang ibang bansa
    C. Upang masabing isang maunlad na bansa tayo
    D. Upang makaagapay tayo sa pamilihang nasyonal

4. Bakit kailangan ang programang "Oplan Sagip-Mata"?
    A. Upang masukatan ng salamin ang mga tao
    B. Upang mapigilan ang pagkabulag ng mga tao
    C. Upang makapagturo ng tamang pagpapaganda ng mata
    D. Upang maging sikat tayo sa ibang bansa hinggil sa kalusugan nito

5. Ano ang ginagamit upang madagdagan ang produksyon ng ating mga produkto?
    A. Pag-aangkat ng mga yamang-tao
    B. Pagtitipid sa paggamit ng mga produkto
    C. Paggamit ng mamahaling mga kagamitan
    D. Paggamit ng mga makabagong makinaryang panteknolohiya

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ipagpalagay nating pinatitigil ka nang mag-aral ng iyong magulang dahil sa kasalatan sa pera ng inyong pamilya. Nalulungkot ka dahil mapag-iiwanan ka sa klase at hindi na kayo magkikita ng iyong bestfriend. Gumawa ka ng sulat para sa kaibigan mo at ipaliwanag ang kalagayan ng pamilya mo.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.